

1

“I can’t believe you’re actually doing this,” sabi ni Hillary. They were having dinner at *Mamou’s Steakhouse*. Dinner treat iyon ng pinsan niya para sa kanyang paglisan kinabukasan patungong Singapore. “Hindi ka ba natatakot, Billy? Baka ma-Flor Contemplacion ka doon!”

“Oo nga, ’insan,” dagdag ni Christina. “You’ll be all by yourself. I hate traveling by myself. Ni mag-malling nga mag-isa, hindi ko magawa.”

Oh yes, Belinda Alcober was scared shit out of her pants, pero hindi niya iyon aaminin. Supposedly, she was the gutsy one. Nakakarating siya ng Iligan at Cotabato, both Muslim-landia, nang mag-isa, for crying out loud! She was used to being alone, period. This was a piece of cake.

What a lie!

Simula nang kinuha niya ang kanyang first ever passport, kakaiba na ang pintig ng kanyang pulso. Its rhythmic pattern hadn’t gone back to normal since then. Belinda tried to swallow away her nervousness.

“Hindi naman. At ang OA kung magaya ako kay Flor. Wala akong planong lumabag ng batas para maitapon sa loob ng Changi Prison. And besides, nag-research ako bago ako nag-book

ng tickets.”

“Technically, you don’t have to do this,” sabi ni Hillary. “And Mamang Gloria will never find out.”

Umiling siya. “I don’t want to risk it. I have this eerie feeling that she will, kahit wala na siya. At ayaw ko namang dalawin ni Mamang, bless her soul, late at night at hilain ang paa ko. Mahilig pa naman siyang magbiro. But that’s one joke I don’t want now. Hear that, ’Mang?” aniya sa kalawakan.

Napangiti si Belinda sa pagdagsa ng magandang alaala. Thinking of her late grandmother always made her smile. Si Mamang Gloria ang nakagisnan niyang ina. Her parents died in a car crash when she was twelve years old.

Her dear old grandma was cool. Hindi ito tulad ng ibang matatanda na very conservative. She was very witty, up-to-date with fashion (salamat sa cable) and modern. Kaya magaling siyang magsalita ng English dahil na rin sa lola niya. Iyon ang salita nila sa isa’t isa. Maaari lamang siyang mag-Tagalog o mag-Bisaya sa mga trabahante nila o sa eskuwela.

Nakatira sila sa Midway, Misamis Oriental, which is about forty-five minutes to an hour from Cagayan De Oro City, the gate city of Mindanao.

Sa buong buhay ni Belinda, nakatapak siya sa Mindanao. Oh yes, once, napadpad siya ng Cebu para sa isang college class field trip ng *Xavier University*. And once or twice in Manila. Ngunit

maliban doon, wala nang ibang okasyon na nakalabas siya. And she didn't mind at all.

For her, Mindanao was home. Ni hindi siya naghangad pang maggala sa ibang lugar tulad ng mga pinsan niya. Kasi para sa kanya, her home had everything.

Kapag gusto niyang makakita ng bundok, isang oras lang ay nasa Bukidnon na siya. Doon, puwede siyang mag-zipline sa Dahilayan o kumain ng masarap na steak sa Camp Phillips, Bukidnon.

Kapag gusto naman ni Belinda ng beach, marami rin doon. In fact, ang bahay nila ay beachfront property. Pinong puting buhangin ang natatapakan niya araw-araw. Kaya walang appeal sa kanya ang Boracay.

Kung gusto naman niyang mag-snorkeling, malapit lang din ang Camiguin, ang *Duka Bay* o ang *Agutayan Marine Life Sanctuary*. Those three place are like paradise on earth—endless blue waters, abundant schools of fish, and colorful corals.

Hindi rin nagkulang ang shopping malls sa Cagayan De Oro. May *SM*, *Limketkai Center*, *Robinsons* at *Centrio Ayala Mall*. Kaya pakiwari ni Belinda, she had everything that Manila had to offer, minus the traffic, pollution and congestion of people.

Isa siyang certified promdi. From the province. And she didn't care. She was promdi and proud. Kahit na binibiro siya ng mga cosmopolitan niyang pinsan na masyado siyang barriotic ay

okay lang iyon sa kanya. Totoo naman kasi.

Kung gusto niya ng katahimikan, naroon ang bukid. She was happiest in the farm. It had a big acerage kung saan niya kinukuha ang pantustos nila na kung tawagin ay biyaya ng lupa.

Magmula pa noong maliit si Belinda, sumasama na siya sa lola niya, kaya nagamay niya agad ang trabahong iyon. She loved the farm. Mahal din niya ang mga trabahante roon na parang kapamilya na rin niya. May kabayuhan doon, maliit na lawa, fruit-bearing trees at kung anu-ano pa.

Kahit ang usual get-up niya ay baryong-baryo: jeans o purontong shorts, shorts na maong, t-shirt, rubber shoes at minsan pa ay bota pag pupunta siya ng farm, at ang hindi nawawala sa kanya, sapin sa likod.

“Oo nga, she just might,” sagot ni Christina, na siyang umagaw sa naglalakbay niyang isip. Nilalaro nito ngayon ang isang locket sa leeg nito. “We all know Mamang had some sort of magic. Imagine, even if she has passed on, she’s still instrumental in bringing Lourizza and Dylan back in each other’s arms.”

“At kayo rin ni Keith,” dagdag niya.

Ngumiti ito. “You can say that, I guess.”

Si Lourizza ay pinsan nila. Hiwalay ito sa asawa nitong si Dylan at nakapagdesisyong ipapawalang-bisa ang kasal ng mga ito dahil walong taon ding hindi na nagsama ang dalawa. Nang

mamatay ang lola nila, naghabilin ito sa testamento na hindi makukuha ni Lourizza ang mana hangga't hindi nito nakakasama si Dylan pabalik sa Midway para sa basahan ng last will and testament ng yumaong matanda. And once that happened, their old chemistry worked its magic. And the rest, as they say, is history.

Ganoon din para kina Christina at Keith. Somehow, nakatulong ang locket na ipinamana ni Mamang Gloria kay Chris para matauhan ito at muling magkalapit ang dalawa.

Kaya nang si Belinda mismo ay mabasa niya ang huling habilin ng lola niya, hindi niya ito matanggihan. The orders were simple: Go on a trip outside the country and stop worrying about the farm dahil may mga katiwala naman doon. In short, she was to take a vacation from her ordinary life. It was an order.

Sinabi ni Mamang Gloria sa iniwan nitong sulat, nagi-guilty ito at natali siya sa Mindanao. Nang mamatay ang lolo nila shortly after she was born, hindi na ito nagbiyahe pa. Palibhasa kasi, nasama ang lolo niya sa isang trahedyang sa dagat. Kaya heto, sinisi ng matanda ang sarili kung bakit pati siya ay nanatiling nakatali sa isang lugar.

True, a part of Belinda wanted to keep her grandmother company, pero hindi iyon ang dahilan kung bakit hindi siya sumasama sa barkada niya sa mga trips nila. Hindi lang siya talaga sadyang lakwatsera. She was happiest in the comforts of what was familiar.

Kaya naman isang napakalaking adventure ng trip na ito para sa kanya. It was one that she even delayed a bit kasi hindi siya nakakasiguro. Pero wala siyang choice. She had to do this.

“Ikaw, Hillary, kailan mo gagawin ang bilin sa iyo ni Mamang?”

Tulad niya, bukod sa pera at alahas, may inihabilin ding sugo si Mamang Gloria. “Let’s just say I am still working on it.”

“Dalian ninyo,” ani Christina, “baka magalit si Lola at dalawin kayo.”

Binelatan ni Hillary si Chris.

“Seriously, Hill,” dagdag nito, “baka dahil diyan ay mahanap n’yo rin ni Billy ang true love ninyo.”

Napangiwi si Belinda. “I don’t think so. Suntok sa buwan iyon.”

After all, halos isang linggo lang siya mawawala. And she would be busy sightseeing. Bukas ay lilipad siya patungong Singapore. On her first day there, pupunta siya sa *Universal Studios*.

On her second day, she would board the ship, *Legends of the Sea*, by the famed luxury cruise line *Royal Caribbean*, at the *Singapore Cruise Center*. Naisip niya, iyon ang paraan na marami siyang lugar na makikita, sa maikling panahon lamang. In that way, she’d do justice to the request of her beloved grandmother.

She'd be spending five days and four nights on the *Legends*. She's all set to take the *Isles of Southeast Asia Cruise* with stopovers at Port Klang in Kuala Lumpur, Malaysia and Phuket, Thailand.

“Malay mo ’yung roommate mo ay maging Prince Charming mo pala,” sabi pa ni Chris.

“Masyado ka lang in love, Chrissie,” tukso ni Hillary.

“I agree,” ani Belinda. “Paano mangyayari iyon, aber? When I booked my cabin, I specifically requested for a girl.” Kinakailangan kasi niya ng roommate sa cruise. Otherwise, the cabin price would be very expensive and she'd have to pay for two. Nagpahanap siya ng ka-partner sa travel agent, whom she'd meet on the day she would board the ship.

“Maybe you'll meet someone on board.”

“Hay, Chris,” nakangiting sabi niya, “you have turned into a hopeless romantic.”

“Well, you need romance. Aside from that one boyfriend in college, may iba ka pa bang naging bf?”

Nagkibit siya ng balikat. “I don't have time for boys.”

“But you have time for your horse,” turan ni Hillary. “Buti pa ang mga kabayo mo, alagang-alaga mo.”

Naisip niya ang kanyang paboritong kabayo, si Black Beauty. Tulad ng kapangalan nitong character sa libro, itim na itim din

ang kanyang alaga. It was also loving. Tuwing binibigyan niya ito ng carrot, it would always rub its nose on the side of her arm. Sobrang appreciative at napaka-sweet.

“Eh, kasi sa totoo lang, mas madaling intindihin ang kabayo kesa sa lalaki.”

“Ay, tama talaga si Mamang sa pinagawa niya sa ‘yo!” ani Chris. “You do need to go out and see the world. Mas masarap kayang sakyan ang lalaki kesa sa kabayo.”

Nagtawanan ang dalawang pinsan niya.

“Ay, *ambot sa inyong duha!*”

“Uy, pikon na ‘yan. Nagbi-Bisaya na, eh.”

Billy stuck out her tongue at Chris like a petulant child. Wala kasi siyang maisagot doon. Aminado naman siya, kulang talaga siya sa experience pagdating sa mga lalaki.

“Teka, nagdala ka ba ng sexy dress para sa Captain’s Night?” Hillary said, changing the topic. Umiling si Belinda. “But why not? S’abi ko naman sa ‘yo, there is one night na kailangang dress to kill ka. Formal affair ‘yon, when you eat in the ship’s formal dining room. Mamaya, papahiramin kita ng damit. Pati sapatos.”

“Wag na!”

“No, I insist. Magkasing-katawan naman tayo.”

She was flattered at what Hillary said, pero pakiramdam

niya ay mas seksi ito sa kanya.

Tila nabasa nito ang laman ng isip niya. “Hoy, you have a very beautiful body. You are just hiding it under ugly clothes. At p’wede ba, ’wag kang magsapin sa likod? Turn off,” anito, sabay ikot ng mga mata.

This time, nagtawanan silang tatlo. Maski si Belinda ay natawa kasi running joke na nila iyon sa pamilya. They all hated her sapin sa likod. “Kasalanan ito ni Mamang. Remember, lahat tayo pinalalagyan niya kapag summer?”

“Yes,” sabi ni Chris.

“But, sadly, you’re the only one that never outgrew it,” dagdag ni Hillary. “Itapon na ang sapin at gawing basahan. Please lang.”

Ngumiti lamang si Belinda. Ang mga pinsan lang niya ang nakakabiro nang ganoon sa kanya. Sa farm, kilala siya bilang seryoso, palaban at matapang. Sayang at wala si Lourizza roon. Nasa second honeymoon ito.

Silang apat ay first cousins na kung tawagin ng lola nila ay ‘Cuatros Hermanas’. Sila ring apat ang napiling tagapagmana ng mga ari-arian nito. Ang mga nanay nila ang anak ng matanda, pero sila ang napili nito dahil kakaiba ang kanilang bonding.

Dahil sila lamang ang mga apo nito, and being that they were all only children, magkakapatid ang turingan nila sa isa’t

sa. Tuwing summer break, pumupunta roon ang mga pinsan niya. She had never forgotten those summers.

Kahit mga city girls ang pinsan niya, she never felt out of place. It was sad that all of them had stopped going to Midway when they were about seventeen and busy with college, pero hindi naging hadlang iyon sa kanilang relasyon. Thanks to the powers of text and email, in touch pa rin sila sa buhay ng bawat isa.

“So let’s make a toast,” sabi ni Hillary, sabay taas sa kopita nito ng wine. Christina followed suit, as did she. “To great adventures for our cousin, Billy.”

“I agree,” sabi ni Chris. “Listen, ’insan, a wise woman once told me to trust the desires of my heart. That it will tell me the right things to do.”

“Si Mamang ang may sabi niyan,” ani Belinda. “She told me the very same thing in the past.” Ang problema lang, she wasn’t so sure what her heart desired. Or if she did desire anything at all. Maligaya na siya sa kung ano ang meron siya.

“Magaling si Lola, ’insan, so listen to her. This trip of yours may be seemingly ordinary. But it could be the journey that will change your life forever.”

“So enjoy it to the fullest,” pagtatapos ni Hillary. “Ipangako mo iyan.” Tumango siya. Kapagkuwa’y ipinagdikit nila ang mga kopita. And after that they all drank their wine to seal her fate.